Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

7.4
11-8-10

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA NOONG NOBYEMBRE 2, 2010, ARAW NG MARTES, SA GANAP NA IKA-9:35 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LOUIE C. DE LEON | . . . | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Florencio C. Odejar | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Laarni A. Malibiran | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Rolando Moises E. Acapulco | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang Serafin C. San Juan, Jr. | . . . | Kagawad |
| Kagalang-galang John Carlos C. delos Reyes | . . . | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |
| Kagalang-galang Isagani R. Malapaya | . . . | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |

**KAPASIYAHAN BLG. 184 - T2010**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KARAGDAGANG BADYET BLG. 5 NG BARANGAY ALIPIT NA NAGKAKAHALAGA NG ISANG DAAN DALAWAMPU'T TATLONG LIBO DALAWANG DAAN SIYAMNAPU'T APAT NA PISO AT TATLUMPUNG SENTIMOS (Php123,294.30) MULA SA NATIRANG LAANG GUGULIN NG BARANGAY NOONG TAONG 2009 UPANG ILAAN SA 20% DEVELOPMENT FUND (Ph28,830.40); CLEAN AND GREEN (Php8,663.90); CASH GIFT NG SANGGUNIANG BARANGAY AT MGA KATULUNGIN (Php63,800.00) AT HAND PUMP (Php22,000.00) NG NABANGGIT NA BARANGAY.**

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Karagdagang Badyet Blg. 5 ng Barangay Alipit sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 27-T2010 / Ordinansa sa Paglalaan Blg. 06-T2010 na nagpapatibay ng halagang Php123,294.30 mula sa natirang Laang Gugulin ng Barangay noong taong 2009 upang ilaan sa 20% development fund (Php28,830.40); Clean and Green (Php8,663.90); Cash Gift ng Sangguniang Barangay at mga katulungin (Php63,800.00) at hand pump (Php22,000.00) ng nabanggit na barangay.

**SAPAGKA'T,** ang nasabing kahilingan ay napaliwat sa Lupon sa Pananalapi para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKA'T,** matapos ang pagsusuri at pag-aaral ng mga kasapi ng naturang lupon sa paglilipat at paglalaan ng pondo ng nabanggit na barangay ay inirekomendang pagtibayin na ito.

**SAPAGKA'T,** lahat ng mga laang gugulin ng barangay ay itinatagubiling iayon sa mga alituntunin sa pagbabadyet, pagtutuos at pag-a-awdit.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Laura P. Obligacion (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Laarni A. Malibiran, Serafin C. San Juan, Jr. at Jun M. Asinas at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Karagdagang Badyet Blg. 5 ng Barangay Alipit na nagkakahalaga ng Php123,294.30 mula sa natirang Laang Gugulin ng Barangay noong taong 2009 upang ilaan sa 20% development fund (Php28,830.40); Clean and Green (Php8,663.90); Cash Gift ng Sangguniang Barangay at mga katulungin(Php63,800.00) at hand pump (Php22,000.00) ng nabanggit na barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sang. Barangay ng Alipit, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim

NAGPATOTOO: **LOUIE C. DE LEON**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

NAGPATOTOO: **INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN**
Punong Bayan